GSMA

# Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet

Isang gabay para sa pagtuturo ng basic mobile internet skills



Copyright © 2024 GSM Association

# Module 10: Kaligtasan sa Online

## Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet


Isang gabay para sa pagtuturo ng basic mobile internet skills

## Ano ito?


**Ipaliwanag:** "Maraming magagandang bagay ang maaari mong magawa gamit ang internet, ngunit mahalaga ring tandaan na maaaring gamitin ito ng kahit sino sa buong mundo. Mahalaga na ituring mo ang internet na parang isang pampublikong lugar sa tunay na buhay (halimbawa, isang pamilihan) at maging ligtas."

"Huwag magbahagi ng personal na impormasyon sa internet na hindi mo rin ibinibigay sa isang taong hindi mo rin kilala sa totoong buhay."

## Mga kagamitan na kakailanganin mo:



Mga handset na smartphone



Importanteng tips para manatiling ligtas online

Tandaan na bukas ang internet para sa lahat sa buong mundo, kaya dapat itong ituring na parang pampublikong lugar—(gaya ng palengke) na kailangan mong mag-ingat at maging responsable sa mga ginagawa mo online.

**Tandaan na hindi lahat ng nakikita mo online ay totoo**
Kahit sino ay puwedeng mag-post ng kahit ano online, kaya huwag maniwala sa lahat ng nakikita mo. Kahit na mula ito sa isang taong pinagkakatiwalaan mo, maaaring hindi ito totoo. Mag-ingat bago magbahagi ng impormasyon sa iba.

**Mag-isip nang mabuti bago magpadala ng pera sa isang taong nakilala mo online**
Mag-ingat sa mga email, mensahe o pop-up na hindi mo hiningi, lalo na kung humihingi sila ng pera o naglalaman ng mga kakaibang link.

**Panatilihing pribado ang personal na impormasyon mo, kabilang ang mga password**
Iwasang magbahagi ng mga personal na detalye tulad ng buong pangalan mo, address ng bahay o phone number maliban kung talagang kinakailangan.

**Huwag magdulot ng pinsala sa iba online**
Maging mabait at magalang. Huwag mang-bully, magkalat ng maling impormasyon o mang-harass ng sinuman. Ang iyong mga aksyon online ay maaaring makaapekto sa mga tao sa totoong buhay.

**Maging mapagbantay sa mga scam at manloloko**
Katulad sa totoong buhay, nasa internet din ang mga magnanakaw at kriminal. May mga taong nagpapanggap na ibang tao online.

**Kumilos sa pamamagitan ng pag-block o hindi pagpansin sa taong nang-iistorbo sa iyo**
Kung may nang-aabala o nangha-harass sa iyo online, humingi ng tulong at sabihin sa isang tao o i-report ito.

Paskil ng kaligtasan

## Ano ang maaari mong paggamitan nito?

**Ipamigay ang poster ng 'Importanteng tips para manatiling ligtas online.'**

"Kagaya din ng pampublikong lugar, dapat mong:

1. I-block o i-ignore ang mga taong hindi mo kilala o gumagambala sa iyo.
2. Panatilihing pribado ang iyong personal na impormasyon (halimbawa, sino ka, saan ka nakatira, mga password).
3. Sabihin sa isang taong kilala at pinagkakatiwalaan mo kung hindi kumportable ang pakiramdam mo tungkol sa anumang bagay na nakikita o nararanasan mo sa internet.
4. Maging magalang at may respeto sa ibang tao at huwag silang gambalain."

Kung mayroon pang oras, ibahagi ang sarili mong mga halimbawa sa mga trainee para sa bawat paalala tungkol sa internet safety.

## Paano ka manatiling ligtas?

**Tanungin** ang trainee kung aling serbisyo ang gusto nilang matutunan para manatiling ligtas sa (WhatsApp, YouTube, Wikipedia, Facebook, KaiOS, Android, mobile money o TikTok).

**Ipakita:**

**WhatsApp:** "Kung ikaw ay nakatatangap ng mga mensahe mula sa mga taong hindi mo kilala sa WhatsApp, maaari mo silang i-block upang hindi ka nila makontak muli."

**Ipakita ito sa WhatsApp:** Ipakita ang poster ng 'Paano Mag-block' at ipakita ang mga hakbang.

**YouTube:** "Kung naghahanap ka ng mga video sa YouTube at may makita kang video na sa tingin mo ay masama o nakasasakit, maaari kang bumalik sa nakaraang pahina, palitan ang keywords na iyong ginamit at magpatuloy sa paghahanap ng ibang mga video."

**Ipakita ito sa YouTube:** Pindutin ang back button, burahin ang mga keyword sa iyong search box, at baguhin ang iyong paghahanap gamit ang ibang mga keyword.

**Wikipedia:** "Kung nasa Wikipedia ka, ang impormasyon ay mula sa mga tao sa buong mundo. Tandaan na dapat mong suriin ang pinagmulan para matiyak na tama ito."

**Ipakita ito sa Wikipedia:** Ipikita sa mga trainee ang listahan ng sources at references sa ibaba ng pahina ng Wikipedia.

**Facebook:** "Kung nasa Facebook ka, mababago mo kung sino ang makakakita sa profile mo at kung sino ang makakakontak sa iyo."

**Ipakita ito sa Facebook:** Ipakita sa kanila ang privacy shortcuts na maaari nilang i-adjust kung sino ang makakakita ng kanilang profile at kung sino ang pwedeng makipag-ugnayan sa kanila gamit ang friend requests.

## Paano ka manatiling ligtas?

**Tanungin** ang trainee kung aling serbisyo ang gusto nilang matutunan para manatiling ligtas sa (WhatsApp, YouTube, Wikipedia, Facebook, KaiOS, Android, mobile money o TikTok).

**Ipakita:**

**KaiOS:** "Kung gumagamit ka ng telepono ng KaiOS, maraming paraan para mabago mo ang mga setting ng phone mo para manatili kang ligtas sa paggamit nito. Mahahanap mo ang mga ito sa privacy at security settings ng iyong phone."

**Ipakita ito sa KaiOS:** Ipakita sa trainee kung paano hanapin ang privacy at security sa pamamagitan ng pangunahing menu ng KaiOS.

**Android:** "Kung hindi mo ginagamit ang iyong Android smartphone sa loob ng ilang panahon, i-o-off nito ang screen para makatipid sa baterya. Mahalagang lumikha ng password upang hindi magamit ng ibang tao ang iyong phone sakaling mawala ito at makuha ng iba."

**Ipakita ito sa Android:** Ipakita sa trainee kung paano nila mai-set up ang PIN/passcode sa kanilang device para panatilihing ligtas ito.

**Mobile money:** "Tandaan na ang PIN mo ay personal na numero mo. Mahalagang mapanatili mo itong ligtas dahil ginagamit mo ito para ma-access ang iyong account. Mag-ingat tungkol sa pagbabahagi ng numerong ito sa sinoman, kahit sa mga ahente ng mobile money o customer care agents, sa personal man o sa pamamagitan ng SMS o sa mobile internet."

**Ipakita ito sa mobile money service:** Ipakita sa trainee kung kailan kailangan ang PIN sa normal na transaksyon ng mobile money – halimbawa, kapag nagpapadala ng pera sa isang kaibigan o miyembro ng pamilya.

**TikTok:** "Kung makakita ka ng video sa TikTok na hindi mo gusto, maaari kang magpatuloy sa ibang video sa pamamagitan ng pag-swipe pataas sa screen. Kung nababahala ka talaga tungkol sa nakikita mo, magpahinga mula sa app o sundin ang mga instruksyon kung paano iulat ang isang video sa app."

**Ipakita ito sa TikTok:** Mag-swipe up sa video para ipakita kung paano makalilipat sa susunod na video ang trainees.

# Mga Poster at Mga Cut-Out

**Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet**

Isang gabay para sa pagtuturo ng basic mobile internet skills

# Importanteng tips para manatiling ligtas online

**Tandaan na bukas ang internet para sa lahat sa buong mundo, kaya dapat itong ituring na parang pampublikong lugar—(gaya ng palengke) na kailangan mong mag-ingat at maging responsable sa mga ginagawa mo online.**

## Tandaan na hindi lahat ng nakikita mo online ay totoo

Kahit sino ay puwedeng mag-post ng kahit ano online, kaya huwag maniwala sa lahat ng nakikita mo. Kahit na mula ito sa isang taong pinagkakatiwalaan mo, maaaring hindi ito totoo. Mag-ingat bago magbahagi ng impormasyon sa iba.

## Mag-isip nang mabuti bago magpadala ng pera sa isang taong nakilala mo online

Mag-ingat sa mga email, mensahe o pop-up na hindi mo hiningi, lalo na kung humihingi sila ng pera o naglalaman ng mga kakaibang link.

## Panatilihing pribado ang personal na impormasyon mo, kabilang ang mga password

Iwasang magbahagi ng mga personal na detalye tulad ng buong pangalan mo, address ng bahay o phone number maliban kung talagang kinakailangan.

## Huwag magdulot ng pinsala sa iba online

Maging mabait at magalang. Huwag mang-bully, magkalat ng maling impormasyon o mang-harass ng sinuman. Ang iyong mga aksyon online ay maaaring makaapekto sa mga tao sa totoong buhay.


## Maging mapagbantay sa mga scam at manloloko

Katulad sa totoong buhay, nasa internet din ang mga magnanakaw at kriminal. May mga taong nagpapanggap na ibang tao online.

## Kumilos sa pamamagitan ng pag-block o hindi pagpansin sa taong nang-iistorbo sa iyo

Kung may nang-aabala o nangha-harass sa iyo online, humingi ng tulong at sabihin sa isang tao o i-report ito.


# Mga Gastos sa Data




Kaligtasan sa Online

# Paano ‘mag-block’ sa Facebook


## 1





## 2





## 3




## 4





## 5




Kaligtasan sa Online

# Paano ‘mag-block’ sa Gmail


1




2





3




Kaligtasan sa Online

# Pag-access sa ‘kasaysayan ng paghahanap’ sa Chrome


1




2





3




Kaligtasan sa Online

# Pag-set up sa mga kontrol ng magulang sa Play Store


1





2





3




4





5




Kaligtasan sa Online

# Pag-uulat sa isang pahina sa Facebook


1




2




3




Kaligtasan sa Online

# Pag-uulat sa isang video sa YouTube


1




2




3



Kaligtasan sa Online

# Hindi totoong impormasyon

| | |
|---|---|
| **Mag-ingat!** | Hindi lahat ng bagay sa internet ay siyang sinasabi nito. |
| **Kung hindi ka sigurado, tanugin ang isang taong pinagkakatiwalaan mo!** | Maaaring gumawa ang ilang tao ng pekeng bersyon ng website o app para magmukhang galing sa lehitimong kompanya (halimbawa, kompanya ng telepono) o ahensya ng gobyerno. |
| **Huwag magbahagi ng isang bagay sa ibang mga tao nang hindi muna nag-iisip!** | Minsan naglalagay ang mga tao ng hindi totoong impormasyon sa internet, tulad sa WhatsApp o Facebook. |
| **Suriin ang ibang mga site** | Kung makarinig ka ng ilang balita mula sa internet, i-verify ito sa ibang mga site (halimbawa, sa mga pinagkakatiwalaang mga site ng balita gaya ng BBC). |
| **Iulat ito** | Kung sa palagay mo ay mapanganib o masama ang isang bagay na nakikita mo, maaari mong iulat ito para malaman ng kumpanya (hal. YouTube) na mayroong problema. |